Mga Alinlangan ng Civil Society sa Emergency Food Aid Program ng World Food Program (WFP) sa Ilang Bahagi ng Mindanao

Food Sovereignty Watch in Mindanao*

* Ang FSW ay rehistrado sa SEC noong 2004 (5) at binubuo ng mga organisasyon tulad ng: Alternate Forum for Research in Mindanao (AFRIM), Don Bosco Diocesan Youth Foundation, Konsumo Dabaw, Southeast Asia Regional Initiatives for Community Empowerment (SEARICE), Technical Assistance Center for the Development of the Rural and Urban Poor (TACDRUP), Holy Cross of Davao College, Kinaiyahan Foundation, Inc. Kasapi ang FSW sa Rice Watch and Action Network.

Karapatang Sipi © 2007
Food Sovereignty Watch in Mindanao
and **Rice Watch and Action Network**

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Ang praymer na ito ay inilimbag ng
Rice Watch and Action Network

Panulat at saliksik: Elenita Daño

Lay-out, litrato at disenyo ng pabalat: Nonoy Regalado

Pangangasiwa sa produksyon: Hazel Tanchuling

Mga Nilalaman

Pambungad 5

Ano ang World Food Program (WFP)? 7

Ano ba itong food aid program ng WFP sa Mindanao? 7

Magkano at saan galing ang pondo para sa programang ito? 8

Para saan daw ang food aid program ng WFP sa Mindanao? 9

May emergency ba sa Mindanao sa kasalukuyan na nangangailangan ng food aid? 10

Anong mga pagkain daw ang ipapamahagi ng WFP sa Mindanao? 11

Saan daw manggagaling ang mga pagkaing ipapamahagi ng WFP? 12

Saang mga bahagi ng Mindanao daw ipapatupad ang food aid program ng WFP? 13

Paano daw ipapatupad ng WFP ang programang ito sa Mindanao? 16

Ano ang mga alinlangan ng Civil Society sa Emergency Food Aid Program ng WFP sa Central Mindanao? 17

- Kawalan ng konsultasyon 17
- Potensyal na epekto sa presyo ng palay ng pag-angkat ng bigas para sa programa 18
- Potensyal na pagpasok ng GMOs sa sistema ng pagkain 20
- Instrumento ng "*dumping*" 21
- Maaaring pagkakawatak-watak ng mga komunidad 22
- Potensyal na instrumento ng korupsyon 23
- Pagpapalaganap ng kaisipan na "*dole out*" 24
- Hindi makakatotohanang layunin ukol sa kontribusyon ng tulong-pagkain sa kapayapaan sa Mindanao sa loob ng isang taong programa 25
- Hindi malinaw na plano ng gobyerno sa pangmatagalang kaunlaran ng Central Mindanao at ano ang papel ng programa ng WFP dito 26

Ano ang mga rekomendasyon ng Food Sovereign Watch ukol sa programang ito? 26

- Malawakang konsultasyon bago ang ganap na pormal na pagsisimula ng programa 27
- Bukas na pagpapasya at pagpapatupad ng programa 28
- Malinaw na bahagi at responsibilidad ng iba't ibang sektor sa pagpapatupad ng programa 28
- Pagkawing ng food aid program sa mga pangmatagalang programa at layunin sa pag-unlad ng komunidad 28
- Programa para maabot ang katahimikan, hindi pagpapatahimik sa pamamagitan ng tulong-pagkain 29
- Masusi, malinaw at bukas na pag-aaral upang masiguradong hindi maaapektuhan ng programa ng presyo ng palay at pangmatagalang seguridad ng pagkain 30
- Tulong sa pagtatanim ng pagkain, hindi tulong-pagkain 30
- Kasiguruhan mula sa WFP na walang GMO ang mga ipapasok na pagkain 31
- Pagbili ng mga angkop na pagkaing ipapamahagi mula sa mga lokal na produksyon, bago mag-angkat sa ibang bansa 31

Pambungad

Ang Praymer na ito ay isinulat ng Food Sovereignty Watch in Mindanao (FSW). Ang layunin ng FSW ay maitaguyod ang pagkakaroon ng food security at ipatupad ang karapatan ng mga magsasakang magdesisyon para sa kanilang kabuhayan. Ang mga organisasyong kabilang sa FSW ay pawang nagpapatupad ng mga proyekto sa pamayanan sa iba't-ibang bahagi ng Mindanao na nagsusulong ng sustainable agriculture (SA) tungo sa food security, pag-aangat ng kabuhayan sa kanayunan, pagtataas ng antas ng kalusugan, at pangangalaga sa kalikasan. May mga kasapi din ang FSW na nagtutulak ng mga isyung ito upang mabago ang mga patakaran ng gobyerno para sa kapakanan ng mga mahihirap na magsasaka.

Isa sa mga isyung nailapit sa atensyon ng FSW ay ang kasalukuyang pagpapatupad ng programa ng World Food Program (WFP) ukol sa pamamahagi ng tulong-pagkain *(o food aid)* sa ilang bahagi ng Mindanao. Naniniwala ang FSW na ang layuning ng WFP ay makatulong sa mga mahihirap na mamamayan sa limang probinsyang nakalaan para sa programang ito. Subali't malaki ang alinlangan ng FSW at iba pang mga organisasyong nagtatrabaho sa iba't ibang bahagi ng Mindanao ukol sa mga maaaring maging epekto ng programang ito sa pangmatagalang kaunlaran ng mga tao.

Ang mga alinlangan ng FSW ukol sa programang food aid ay tatalakayin sa Praymer na ito. Nailatag na ang mga ito, bagama't di pormal, sa ilang mga opisyal ng WFP sa Mindanao sa ilang pakikipag-usap at talakayan nitong nakaraang Abril at Mayo. Sa kabila ng pagtitiyak ng mga opisyal ng WFP na ang mga alinlangang ito ay kanilang pakikinggan at sila ay magpapatupad ng malawakang konsultasyon sa mga apektadong mamamayan at mga organisasyong nasa mga lokalidad na sakop ng programa, nagpatuloy ang paglulunsad ng programa ng WFP.

Walang malawakang konsultasyong isinasagawa hanggang sa ngayon. Hindi rin malinaw ang magiging papel ng mga planong konsultasyong ito sa paghubog ng desisyon ng WFP ukol sa programa. Kakaunti ang kaalaman ukol sa programa ng marami sa mga lokal na pamahalaan *(local governments)* ng mga munisipyo kung saan ipapatupad ang programang ito. Samantala, ang mga mamamayang mabibigyan ng tulong na pagkain ay walang kaalaman ukol dito.

Inilabas ng FSW ang praymer na ito upang maipalaganap ang impormasyon sa mga pamahalaang lokal, mga organisasyon at mga mamamayan sa mga target na lugar ng programang tulong na pagkain ng WFP, gayundin sa iba't ibang bahagi ng Mindanao na maaaring makaranas ng pangmatagalang epekto ng programang ito. Ninanais din ng FSW na makatulong ang Praymer na ito sa:

- pagdedesisyon ng mga pamahalaang lokal, mga organisasyon at mga taong pangunahing maaapektuhan sa mga tinatarget na lugar sa Mindanao at kung makababuti ba sa kanila ang programang tulong-pagkain sa panahong ito.
- makatulong ito sa pagpapalabas ng mga kritikal na tanong at opinyon ng iba't ibang mga aktor ukol sa programang ito, laluna na sa aspeto ng pangmatagalang seguridad sa pagkain sa buong rehiyon na hindi maaaring ihiwalay sa usaping pangkapayapaan.

Ano ang World Food Program (WFP)?

Ang WFP ay isang ahensya ng United Nations (UN) na nasa ilalim ng pamamahala ng Food and Agriculture Organization (FAO). Ang pangunahing layunin ng WFP bilang isang pandaigdigang ahensya ay labanan ang kagutuman sa buong mundo.

Bahagi ng tungkulin ng WFP ang tumugon sa mga sitwasyon ng matinding pangangailangan *(emergency)* sa mga bansang kasapi ng UN sa pamamagitan ng pamamahagi ng pagkain sa mga apektadong mamamayan. Ang mga sitwasyon ng *emergency* na karaniwang tinutugunan ng mga programa ng WFP ay kinabibilangan ng digmaan, malawakang kaguluhan, malaking kalamidad at malalang kagutuman na dulot ng mga sitwasyong nabanggit kasama na ang matinding tagtuyot. Ang WFP ay pangunahing ahensyang tumutulong sa mga mamamayan na ibangong muli ang kanilang mga kabuhayan dulot ng mga nabanggit na sitwasyong pang *emergency*.

Ang sentral na opisina ng WFP ay nakabase sa Rome, Italy samantalang may mga opisina rin ito sa iba't ibang bansang kanilang tinutulungan. Ang WFP ay may opisina sa tatlong bansa na lamang sa Timog-Silangang Asya (Southeast Asia)—sa Laos, Cambodia at Timor Leste—na pawang kabilang sa pinakamahihirap na bansa sa buong mundo. Nagkaroon sila ng opisina sa Pilipinas noong mga panahong matindi ang armadong kaguluhan sa iba't-ibang lugar ng bansa lalo na sa Mindanao. Isinara ito matapos ipatupad ang mga programa nila noong 1996 at wala na ring sitwasyon ng *emergency* na nangangailangan ng tulong na pagkain para sa bansa.

Ano ba itong food aid program ng WFP sa Mindanao?

Ang kasalukuyang *food aid program* ng WFP sa ilang bahagi ng Mindanao ay nakapaloob sa **Emergency Operations in the Philippines (EMOP)** na ipinasa ng mga namamahala ng WFP noong 2005. Ang programa ay tinatawag na "Tulong Pagkain sa mga Bahagi ng Mindanao na Apektado ng Kaguluhan" *(Food Assistance to Conflict Affected Mindanao)*

Ayon sa WFP, ang desisyong bumalik sa Pilipinas ay bunga ng pormal at mahigpit na kahilingan ni Presidente Gloria Macapagal-Arroyo na nagsimula noong 2003. Ayon sa regulasyon ng WFP, ang

anumang programa sa *food aid* ay dapat nakabase sa pormal na kahilingan ng gobyerno ng alinmang bansa na kasapi ng UN na nangangailangan ng tulong-pagkain. Ito ay upang siguruhing ang tulong-pagkain ay nakaayon sa pangkalahatang balangkas ng pag-unlad sa bansa.

Batay sa plano ng WFP, ang EMOP ay nagsimula noong 1 Marso 2006 at magtatapos sa 28 Pebrero 2007 para sa kabuuang 12 buwan lamang. Para sa isang taong programa, nagbukas ang WFP ng bagong opisina sa Pilipinas. Nakabase ang sentrong pambansa sa Makati City at may tatlo pang mga opisina sa mga lugar na ipatutupad ang programa – Cotabato, Iligan at Tacurong. Dahil sa malaking gastos sa pagmintini ng pamamahala ng programang ito, marami ang nagsasabing hindi lamang para sa isang taon ang sakop nito kundi pangmatagalan, bagama't hindi ito nakasaad sa mga dokumento ng WFP ukol sa programa.

Magkano at saan galing ang pondo para sa programang ito?

Ang pondong inilaan ng WFP para sa food aid program nito sa Mindanao ay umaabot sa **$27 milyon. Sa halaga ng palitan ng piso at US dollar na P53 = US$ 1, ito ay aabot sa halagang P 1.431 billion!** Mula sa halagang ito, $15 milyon o **P 795 million** lamang ang aktwal na inilaan para sa pagbili ng mga pagkaing ipapamahagi sa mga nasasakupang lugar. Ang natitirang mahigit $12 milyon o **P 636 million** ay para sa pagbubukas ng mga opisina, pampa-sweldo at benepisyo ng mga empleyado, at pagpapatakbo ng operasyon ng programa ng WFP.

Batay sa ulat ng WFP nitong nakaraang Abril 2006, umaabot pa lamang sa $1.8 milyon mula sa kabuuang $27.2 milyon ang may siguradong pondo. Sa aktwal na pondo para sa programa, $1.2 milyon ang donasyon ng bansang Hapon (Japan) at mga $631,000 naman ang galing sa mga *multilateral donors*. Mahigit sa 93% pa ng kailangang pondo ang wala pang kasiguruhan kung saan manggagaling.

Batay sa pagtaya ng FSW, ang pagpupursige ng WFP na simulan na ang pagpapatupad ng program sa kabila ng maliit pa lamang na pondong nakalaan dito ay nakabatay sa paniniguro ng World Bank at iba pang *multilateral donors* na susuportahan ang programang tulong-pagkain. Ang World Bank ang pangunahing ahensya na namumuno

sa tinatawag na *Mindanao Working Group*. Ito ay grupo ng mga mayayamang bansa at mga ahensyang nagbibigay ng pondo para sa mga planong pangkaunlaran sa Mindanao. Ito ay grupo ng mga mayayamang bansa at mga ahensyang nagbibigay ng pondo para sa mga planong pangkaunlaran sa Mindanao. Malinaw sa mga pulong ng grupong ito na nakasalalay sa pagkakaroon ng pangmatagalang kapayapaan sa Mindanao ang pagpapalabas ng mga pondo at tulong, lalo na ang pamumuhunang inaasahan mula sa mga negosyante.

Sa kabila ng kawalan ng siguradong pondo, sinimulan na ang programa, nagtayo na ng mga opisina ang WFP sa Makati at sa tatlo pang bahagi ng Mindanao, at nagsimula na ding mag-opisina ang mga bagong empleyado ng programa. Nasimulan na rin ng WFP ang mga pangunahing paghahanda sa pamamahagi ng tulong-pagkain tulad ng pakikipag-ugnayan sa ilang mga ahensya ng gobyerno at pakikipag-usap sa mga matataas na opisyal ng mga target na lugar. Sinasabi ng mga opisyal ng WFP na ang pangunahin na lamang balakid para masimulan nila ang pamamahagi ng tulong-pagkain sa mga target na komunidad ay ang opisyal na pahintulot ng National Economic and Develoment Authority (NEDA) na simulan na ang programa. Ang pagkaantala sa pagdi-desisyon ukol sa programa ay sinasabing bunga ng mabagal na pagkilos ng mga opisyal ng pamahalaan.

Para saan ang food aid program ng WFP sa Mindanao?

Ipinagdidiinan sa mga dokumento ng WFP tungkol sa EMOP na ang tulong-pagkain sa ilang bahagi ng Mindanao ay nakakabit sa kasalukuyang usapang-pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng Moro Islamic Liberation Front (MILF). Sinasabi sa batayang dokumento ng EMOP na inaasahang ang tulong-pagkain ay mag-aambag sa pagkakaroon ng kapayapaan sa buong Mindanao, sa pamamagitan ng pagtugon sa pangunahing pangangailangan ng mga mahihirap sa Central Mindanao. Ang rehiyong ito ang itinuturing na sentro ng pwersa ng MILF, at dito rin matatagpuan ang ilan sa pinakamahihirap na munisipalidad sa bansa. Ang rehiyong ito ang itinuturing na sentro ng pwersa ng MILF, at dito rin matatagpuan ang ilan sa pinakamahihirap na munisipalidad sa bansa. Ayon sa pag-aaral ng WFP para sa programang ito, ang antas ng kahirapan at

malnutrisyon sa Central Mindanao ay tinatayang nasa mahigit 60% ng kabuuang populasyon.

Batay sa pangunahing dokumento ng EMOP, ang layunin ng programang ito ay ang mga sumusunod:

1. Makapag-ambag sa mapayapang solusyon sa kaguluhan sa Mindanao sa pamamagitan ng pagtugon sa mga pangangailangan sa pagkain ng mga mahihirap na mamamayan sa mga lugar na apektado ng kaguluhan;
2. Suportahan ang pagbangong muli ng mga apektadong tahanan at pamayanan;
3. Maitaas ang antas ng nutrisyon ng mga buntis at bagong panganak na babae, gayundin ng mga batang may gulang na dalawang taon pababa;
4. Makatulong upang magpursigi ang batang babae at lalaki sa mababang paaralan;
5. Suportahan ang panunumbalik ng kabuhayan;
6. Pagpapalawig ng programa para labanan ang *tuberculosis* (TB); at
7. Palakasin ang mga pamahalaang lokal at mga NGOs/ organisasyon sa pagpapatupad ng mga programa sa tulong-pagkain sa mga lugar na apektado ng kaguluhan sa Mindanao.

May *emergency* ba sa Mindanao sa kasalukuyan na nangangailangan ng *food aid?*

Sinasabi ng mga dokumento ng WFP na ang tulong na pagkain ay binibigay ng ahensya sa mga bansang nasa sitwasyon ng *emergency* na kinabibilangan ng digmaan o gyera, malawakang kaguluhan, malakihang kalamidad at malalang kagutuman na nagdudulot ng matinding kahirapan at malnutrisyon sa mga apektadong mamamayan. Kung ibabatay sa depinisyong ito, walang ganitong sitwasyon sa Mindanao sa kasalukuyan. Bagama't ayon sa mga datos ng gobyerno ay may mataas na antas na kahirapan at malnutrisyon sa maraming bahagi ng rehiyon, ang sitwasyong ito ay hindi masasabing direktang sanhi ng anumang sitwasyon ng *emergency* kabilang na ang gyera sa pagitan ng mga sundalo ng gobyerno at ng MILF.

Kung nagkaroon man ng sitwasyon na *emergency* sa Mindanao na maihahalintulad sa depinisyon ng WFP, ito ay naganap noong panahon ng *"all-out-war"* laban sa MILF noong panahon ni dating Presidente Erap Estrada noong 1999-2000. Gayunpaman, sa kabila ng libo-libong taong naapektuhan ng gyera noong panahong iyon, lalo na iyung mga napaalis sa kanilang mga tirahan o 'yung mga tinatawag na *"internally displaced persons"* o IDP, hindi bumalik sa Pilipinas ang WFP para mamahagi ng tulong-pagkain.

Sa mga dokumento at balitang galing mismo sa WFP ukol sa programang ito, kinikilala ng ahensya na ang sitwasyong pangkapayapaan at seguridad sa Mindanao ay nananatiling payapa *("generally calm")*, dahil na rin sa kasalukuyang negosasyon tungo sa kapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng MILF. Marami tuloy ang nagtatanong kung ano nga ba ang konkretong depinisyon ng WFP sa *"emergency"* at kung sino ang talagang nagpapasya kung aling sitwasyon ang dapat tugunan ng tulong-pagkain.

Anong mga pagkain daw ang ipapamahagi ng WFP sa Mindanao?

Ayon sa opisyal na dokumento ng EMOP, ang kabuuang dami ng iba't-ibang tulong-pagkaing ipapamahagi ng WFP sa ilalim ng programang ito ay aabot sa 40,438 metriko tonelada (MT). Kabilang dito ang mga sumusunod:

25,140 MT: butil o cereals, pangunahin na ang bigas
2,490 MT: pulses, na maaaring kasama ang munggo, gisantes, mga butong-pagkain
4,383 MT: *corn-soya blend*, o pinaghalong mais at *soybeans*
8,088 MT: mantika
337 MT: asukal

Ngunit, batay sa ibang dokumento ng WFP ukol sa programang ito, aabot sa mahigit 31,000 MT bigas ang ipapamahagi sa mga nasasakupang lugar. Ang bultong ito ay higit pa sa kabuuang bigas na inangkat ng ARMM o maging ng Central Mindanao (Region XII) noong 2005 na umaabot lang sa mahigit 20,000 MT sa bawa't rehiyon, batay sa mga datos ng National Food Authority (NFA).

Ang mga pagkaing ito ay karaniwang ipinamamahagi ng WFP sa mga taong apektado ng mga sitwasyong *emergency*. Ang mga pagkain ay pawang mayayaman sa *carbohydrates* at protina upang iangat ang nutrisyon ng mga apektadong mamamayan, lalo na ang mga bata at babae na syang pangunahing dumaranas ng matinding malnutrisyon. Kasama din sa mga inaasahang makikinabang sa tulong-pagkain ang mga mahihirap na maysakit ng TB *(tuberculosis)* sa mga target na lugar.

Saan daw manggagaling ang mga pagkaing ipapamahagi ng WFP?

Hindi nakasaad sa mga dokumento ng EMOP kung saan manggagaling ang mga tulong-pagkaing ipapamahagi ng WFP sa ilang bahagi Mindanao. Subali't kung susundin ang mga alituntunin ng WFP sa pagbili ng mga pagkaing ipinamamahagi nito sa kanilang mga programa, malamang na iaangkat mula sa ibang bansa ang mga pagkaing ito. Sa katunayan, naihanda na ng WFP ang mga dadaanang pier sa Mindanao katulad ng Pollioc sa Cotabato.

Ayon sa regulasyong WFP sa pagbili ng mga pagkain para sa kanilang mga programa, malakihan o bulto ang kanilang pagbili at dumadaan ito sa isang bukas at pandaigdigang proseso ng tawaran o *"bidding"*. Ang mga *supplier* ng pagkaing kinakailangan sa mga programa ng WFP ay pawang may matagal nang karanasan sa pagkikipag-negosyo sa ahensya, malakihan ang produksyon, at mataas ang pamantayan ng produksyon lalo na ang *packaging*. Sila ang may kakayanang magpadala ng suplay sa malalayong lugar na pupuntahan ng mga tulong-pagkain at matagal ang pagluluwas dahil kalimita'y idinadaan sa karagatan.

Halimbawa, sa maraming bahagi ng Africa na nagdaranas ng sitwasyong emergency, karamihan ng mais para sa tulong-pagkain ay nagmumula pa sa United States (US) kung saan nakabase ang produksyon ng mga malalaking *suppliers* ng WFP. Ito ay sa kabila ng pagkakaroon ng higit na malalapit na bansang pwedeng panggalingan ng mais, katulad ng India o Indonesia. Karamihan naman ng bigas na ipinamamahagi ng WFP sa Laos, Cambodia at Timor Leste ay galing sa Thailand at Vietnam kung saan mas mataas ang kalidad ng bigas at antas ng *post-harvest processing at packaging*. Ito ay sa kabila ng

pagkakaroon ng malaking *surplus* ng bigas sa ilang bahagi mismo ng Laos at Cambodia.

Sinasabi ng mga opisyal ng WFP sa Mindanao na pipilitin nilang bumili ng mais na kakailanganin ng programa mula sa mga lokal na pamilihan sa halip na mag-angkat sa ibang bansa. Ngunit sa pag-aaral ng FSW sa mga dokumento ng WFP sa kanilang website, ang *corn-soya blend* (CSB) na gagamitin sa kanilang operasyon sa Mindanao ay nabili na noong Abril/Mayo 2006 mula sa isang malaking korporasyon na nakabase sa Belgium. Ang Michiels Fabrikien N.V ay bumibili, nagpo-proseso at nagbebenta ng iba't-ibang pagkaing-butil. Ang CSB para sa Pilipinas ay bahagi ng malaking bultong binili ng WFP mula sa kumpanyang ito para ipamahagi sa mga bansang kasalukuyang dumaranas ng sitwasyong emergency, kabilang ang Sierra Leone, Niger, Guatamela, Mauritania at Kenya. Umabot sa $1.15 milyon ang ibinayad ng WFP para sa pagbili ng CSB mula lamang sa kumpanyang ito.

Sa kabila ng pagsasabing pipilitin nilang bumili ng mga akmang pagkain mula sa lokal na pamilihan, naihanda na ng WFP ang mga kinakailangang proseso sa pag-aangkat ng tulong-pagkain na manggagaling sa ibang bansa at natukoy na din ang mga pier na pagdadaungan ng mga barkong magdadala ng mga pagkaing ito sa Pilipinas. Hindi malayong bumibiyahe na sa karagatan sa kasalukuyan ang mga tulong-pagkaing ito patungo sa Mindanao dahil ayon sa WFP, magsisimula dapat ngayong Hunyo ang pamamahagi ng tulong-pagkain.

Saang mga bahagi ng Mindanao ipapatupad ang *food aid program* ng WFP?

Ang programang tulong-pagkain ay ipapatupad ng WFP sa iba't ibang bahagi ng limang probinsyang sakop ng Central Mindanao at ARMM. Ang mga ito ay Maguindanao, Lanao del Sur, Lanao del Norte, North Cotabato at Sultan Kudarat.

Sa kabuuan, umaabot sa 73 mga bayan sa limang probinsyang ito ang target ng programa. Ang mga nasasakupang munisipalidad kasama ang datos ng WFP ukol sa insidente ng kahirapan at bilang ng target na benepisyaryo sa bawa't lugar ay nakasaad sa mga sumusunod:

Probinsya	Munisipalidad/Bayan	Insidente ng Kahirapan	Bilang ng Target na Benepisyaryo
Maguindanao	Gen. S.K. Pendatun	0.7744	74,739
	Gen. S.K. Pendatun	0.6332	45,375
	Barira	0.7444	16,722
	Sultan sa Baronguis (Lambayong)	0.5972	38,014
	Sultan Kudarat (Nuling)	0.6766	54,679
	Pagalungan	0.7994	9,733
	Matanog	0.7370	23,663
	Maganoy	0.7231	57,052
	Datu Piang	0.6105	8,767
	Datu Paglas	0.6185	42,521
	Buluan	0.6172	14,054
	Buldon	0.7108	15,246
	Ampatuan	0.7850	5,599
Lanao del Sur	Sultan Dumalondong	0.7803	3,914
	Kapatagan	0.7716	3,273
	Bumbaran	0.4563	4,148
	Lumbayanugue	0.7730	5,816
	Sultan Gumander	0.5021	6,304
	Maguing	0.3247	3,393
	Buadiposo-Buntong	0.7848	5,035
	Calanogas	0.8099	8,371
	Marogong	0.7144	16,525
	Wao	0.3494	5,324
	Tugaya	0.4295	5,809
	Taraka	0.5461	7,444
	Tamparan	0.4977	7,832
	Saguiaran	0.3033	4,578
	Ditsaan-Ramain	0.4327	5,394
	Poona Bayabao (Gata)	0.7952	12,185
	Piagapo	0.5767	4,817
	Mulondo	0.4383	7,551
	Masiu	0.2330	26,253
	Marawi City	0.5284	8,944
	Marantao	0.6943	15,069
	Malabang	0.6813	8,228
	Madalum	0.7071	8,047
	Lumbatan	0.7071	8,047

	Lumba-Bayabao (Maguing)	0.6332	45,375
	Kapai	0.7444	16,722
Lanao del Sur	Ganassi	0.5972	38,014
	Butig	0.6766	54,679
	Bubong	0.7994	9,733
	Binidayan	0.7370	23,663
	Bayang	0.7231	57,052
	Balindong (Watu)	0.6105	8,767
	Balabagan	0.6185	42,521
Sultan Kudarat	President Quirino	0.5451	12,175
	Palimbang	0.6951	19,887
	Lutayan	0.7196	19,137
	Lebak	0.6926	32,138
	Columbio	0.7220	10,186
	Bagumbayan	0.7126	24,812
North Cotabato	Arakan	0.6312	14,508
	Aleosan	0.6851	11,752
	Banisilan	0.5960	49,138
	Pikit	0.6527	29,525
	Pigkawayan	0.5345	18,682
	M'lang	0.5332	28,574
	Midsayap	0.5109	37,362
	Matalam	0.5724	23,283
	Makilala	0.5737	24,448
	Libungan	0.5803	15,889
	Kabacan	0.4655	27,191
	Carmen	0.6106	27,378
	Alamada	0.6593	19,270
Lanao del Norte	Tangcal	0.7251	2,882
	Sapad	0.6571	6,578
	Salvador	0.7207	7,994
	Pantao Ragat	0.5175	5,879
	Magsaysay	0.7416	5,387
	Linamon	0.4399	4,700
	Sultan Naga Dimaporo (Karomatan)	0.6335	17,614
	Baloi	0.5229	13,867
	Bacolod	0.5471	6,351
	Bilang nga mga Target na Bayan :	**73**	
Kabuuang Bilang ng Target na Benepisyaryo :			**2,102,737**

Sa kabuuan, tinataya ng WFP na aabot sa mahigit na 2.1 milyong mga tao sa limang probinsyang target ng programa ang inaasahang makikinabang sa tulong-pagkain na nakapaloob sa programang ito na ipapatupad sa loob ng 12 buwan. Hindi pa kasama dito ang mga sinasabi ng WFP na tutulungan ng programa na mga pamilya sa Sulu, Basilan at Tawi-tawi na napaalis sa kanilang mga tirahan dahil sa kaguluhan *(internally displaced families)*.

Paano daw ipapatupad ng WFP ang programang ito sa Mindanao?

Kabilang sa mga aktibidad na nakapaloob sa programa ng WFP upang ipamahagi ang tulong-pagkain sa mga target na benepisyaryo ay ang pagpapakain sa mga batang mag-aaral sa elementary, pagkain-palit-trabaho *(food-for-work)*, pagkain-palit-pagsasanay *(food-for-training)* para sa mga mahihirap na apektado ng kaguluhan, suporta sa mga IDPs, pagpapataas ng antas ng nutrisyon ng mga buntis at inang bagong panganak gayundin ang kanilang mga sanggol, at pagpapalawak ng programa para sa mga taong may TB.

Alinsunod sa pamantayan ng WFP, ang anumang programang tulong-pagkain ay isinasagawa kasama ang mga ahensya ng pamahalaan na may kinalaman sa mga aktibidad na ito. Para sa kanilang programa sa Mindanao, ang pangunahing kabalikat ng WFP sa pagpapatupad ng mga planong aktibidad upang maabot ang mga nailatag na target ay ang Department of Social Work and Development (DSWD) at ang mga pamahalaang lokal (LGUs). May ilan ding malalaking internasyunal na NGOs na may mga proyekto sa Mindanao ukol sa nutrisyon at tulong-pagkain ang inaasahang makakasama ng WFP sa pagpapatupad ng programa.

Ang kabuuan ng mga aktibidad sa ilalim ng program na may kinalaman sa pamamahagi ng tulong-pagkain tinatarget na gagawin mula Hunyo hanggang Agosto 2006, ayon sa orihinal na plano ng WFP. Ngunit dahil na rin sa mabagal na pagproseso at aksyon ng mga ahensya ng gobyerno, laluna ng NEDA, sa pag-apruba ng mga opisyal na dokumentong kailangan para makapagsimula ang ganitong malakihang programa, hindi pa nasisimulan ang pamamahagi ng tulong-pagkain sa mga target na lugar.

Sa kasalukuyan, nakapagtayo pa lamang ang WFP ng mga bagong opisina at nakapag-recruit na din ng mga bagong empleyado sa bawa't opisina sa Mindanao gayundin sa Makati. Nasimulan na din nila ang pormal na pakikipag-usap sa mga gobernador ng mga probinsyang target ng programa, gayundin ang mga opisyal ng mga ahensya ng gobyernong makakatulong ng WFP sa pagpapatupad ng programa. Nakipag-usap din ang WFP sa mga malalaking NGOs na nagtatrabaho sa mga target na lugar upang anyayahan silang makatulong sa programa. Nakapagsimula na rin ang WFP ng ilang maliiit na *pilot sites* kung saan kanilang sinusubukan ang pagpapatupad ng programa. Ngunit, walang malawakang konsultasyon na ginagawa ang WFP upang maitaas ang kaalaman ng mga target na populasyon ukol sa programa at upang maibukas sa diskusyon sa iba't ibang aktor ang mga posibleng pangmatagalang implikasyon nito sa Mindanao.

Ano ang mga alinlangan ng Civil Society sa Emergency Food Aid Program ng WFP sa Central Mindanao?

Kawalan ng konsultasyon

Bagama't ang pagpaplano ng WFP para sa programang tulong-pagkain sa Central Mindanao ay nagsimula pa noong 2003 at pormal na inanunsyo ang paglulunsad ng programa sa isang malaking kumperensya ng mga donors na pinangungunahan ng World Bank (WB) noong Marso 2006 sa Davao City, walang masusing konsultasyon sa apektadong populasyon, maging sa mga pamahalaang lokal, ang isinagawa bago ito sinimulan. Sa katotohanan, noong inanunsyo ng WFP ang pagsisimula ng programang ito sa pulong ng WB, nagsimula na ang mga unang aktibidad ng program bilang paghahanda sa mismong pag-aangkat at pamamahagi ng tulong-pagkain.

Sa kabila ng pagseguro ng mga opisyal ng WFP sa Mindanao ukol sa kanilang planong magsagawa ng malawakang konsultasyon sa mga target na lugar, pawang konsultasyong *one-on-one* ang kanilang ginawa sa mga matataas na opisyal sa mga target na probinsya, mga pangunahing ahensya ng gobyerno at mga malalaking NGOs lamang. Walang malawakang konsultasyon sa mismong mga apektadong mamamayan, maging sa mga pamahalaang lokal sa mga target na munisipalidad o bayan na karamihan ay walang alam ukol sa programa laluna na sa

mga posibleng implikasyon nito sa pangmatagalang plan ng kanilang lokalidad.

Gayunpaman, walang malinaw na pagpapaliwanag sa bahagi ng WFP kung ano ang papel ng mga sinasabi nilang planong malawakang konsultasyon sa kabuuang desisyon ukol sa programa. Ang mga konsultasyon bang ito ay makakaimpluwensya sa direksyon at pagpapatupad ng programa? Ang mga talakayan ba sa mga konsultasyong ito ay gagamiting batayan sa paghuhubog ng programa upang maging akma sa sitwasyon sa Mindanao at makaambag sa pangmatagalang pag-unlad ng mga tao? Ang mga porum na ito ba ay gagamitin lamang upang ipaalam sa mga tao na may programang tulong-pagkain ang WFP at walang boses ang mga tao ukol dito?

Potensyal na epekto sa presyo ng palay ng pag-angkat ng bigas para sa programa

Sa ilalim ng isang taong sakop EMOP, ang bulko ng pamamahagi ng tulong pagkain ay isasagawa sa mga buwan ng Hunyo, Hulyo at Agosto ng taong kasalukuyan (2006). Ito ang mga buwan kung saan konti ang palay na inaani at karamihan ng mga magsasaka ay naghihintay sa paglaki ng kanilang mga itinanim na palay. Base sa datos ng NFA, sa mga buwan ding ito pinakamataas ang distribusyon ng bigas na galing sa ibang bansa *(imported rice)* upang tugunan ang pangagailangan ng mga tao sa panahong kokonti ang ani.

Dahil mas konti ang ani, sa mga buwan ng Hunyo hanggang Agosto karaniwang tumataas ang presyo ng bentahan ng palay (farmgate price). Kaya naman kapag nagbaha ng imported rice sa mga buwang ito, maging iyon ay galing sa distribusyon ng NFA o di kaya ay sa mga kaduda-dudang pinagmulan (katulad ng *smuggling* at *hoarding*), bumababa ang presyo ng palay kahit pa konti ang ani.

Ang bigas na iaangkat ng WFP para sa programang ito maaari pang makadagdag sa pagbaha ng imported rice na ibubuhos ng NFA sa ilang bahagi ng Mindanao, lalo na sa mga buwang di matugunan ng lokal na supply ang pangagailangan ng mga tao sa rehiyon. Noong nakaraan taon (2005), halimbawa, ang kabuuang bigas na galing sa ibang bansa na ipinakalat ng NFA sa limang probinsyang target ng WFP ay umabot ng 37,163 MT. Kung mananatili sa ganitong lebel ang iaangkat ng

NFA para sa mga probinsyang ito, madagdag pa dito ang umaaabot sa 31,000 MT na ipamamahagi ng WFP bilang tulong-pagkain. Ang inaasahang magiging epekto nito sa presyo ng palay ay pagbaba ng bentahan *(farmgate price)* dahil sa magiging malaki ang lokal na *supply* ng bigas bunga ng tulong-pagkain na ipapamahagi ng WFP na madadagdag dun sa iaangkat na bigas ng NFA.

Noong 2004, halimbawa, pinakamataas ang presyo ng palay sa Central Mindanao (Region XII) sa mga buwan ng Hunyo (*average*: P11.63 bawat kilo), Hulyo (*average*: P11.70 bawat kilo) at Agosto (*average*: P10.63 bawat kilo), ayon sa datos ng NFA. Ang mataas na presyo ng palay sa mga panahong ito ay sa kabila ng pag-angkat ng bigas ng NFA noong mga buwang iyon. Inaasahang ang pagbaha ng tulong-pagkaing bigas ay makakapagpababa ng presyo ng palay sa ganitong mga buwan dahil dadami ang *supply*.

Ang pagkauntol ng pagsisimula ng pamamahagi ng WFP ng tulong-pagkain sa mga target na lugar sa Mindanao dahil sa mabagal na usad ng proseso ng pag-aapruba ng mga ahensya ng gobyerno sa malaking programang ito ay inaasahan ding makakalala sa posibleng epekto sa presyo ng bentahan ng palay, laluna sa darating na panahon ng anihan. Ang anihan sa mga lugar na target ng WFP ay nagsisimula ng Hulyo hanggang Setyembre, kung kailan nagsisimulang bumaba ang presyo ng bilihan ng palay dahil sa pagdami ng *supply*.

Mula sa orihinal na target na panahon ng malawakang pamamahagi ng tulong-pagkain sa mga buwan ng Hunyo, Hulyo at Agosto–na tradisyunal na panahon na taggutom o kakulangan ng pagkain sa maraming bahagi ng Mindanao–kinakailangan iatras ito ng WFP dahil nga sa pagkakaudlot ng pagsisimula ng programa. Nangangahulugan ito na tatamaan ang buwan ng Setyembre at Oktubre kung kailan ang mga palay na naani ay naproseso na at ibebenta ng bigas sa mga lokal na pamilihan. Kung isasabay dito ang pamamahagi ng tulong-pagkain, malaki ang maaaring maging epekto nito sa pagpapababa ng presyo ng bigas na produkto ng mismong mahihirap na magsasaka na naninirahan sa mga lugar na target ng programa ng WFP, gayundin sa mga karatig na lugar.

Kung mababa ang bentahan ng palay sa panahon ng ani at ilang buwan pagkaraan nito, lalo pang bababa ang kita ng mga mahihirap na magsasaka ng palay. Hindi lang yung mga magsasaka ng palay sa mga

lugar na target ng WFP ang apektado sa ganitong sitwasyon, kungdi yun ding mga magsasaka ng palay sa mga malapit na bayan na pinanggagalingan ng bigas na dinadala sa iba't ibang lokal na pamilihan. At dahil palay ang pangunahing produkto sa bahagi ng Mindanao na target ng programa ng WFP, malaki at malawakan ang epekto nito sa lokal na ekonomiya na karamihan ay nakasalalay ang pamumuhay sa palay.

Potensyal na pagpasok ng GMOs sa sistema ng pagkain

Ayon sa regulasyon ng WFP, pipilitin nilang bumili ng mga pagkaing walang sangkap na genetically modified organisms (GMOs) para sa kanilang mga programa. Ngunit hindi ito nangangahulugan ng kasiguraduhan na walang GMOs ang mga tulong-pagkain na kanilang ipapamahagi, dahil depende ito kung merong mabibiling pagkaing wala ngang GMOs. Wala din kontrol ang WFP dun sa mga donasyong pagkain ng mga bansa at institusyon na nagbibigay ng ambag sa kanilang mga programa sa halip na pera.

Ang hindi konkretong posisyon ng WFP sa mga isyung may kinalaman sa posibleng epekto ng GMOs sa kalusugan at kalikasan ay bunsod ng malaking kontrobersyang kinaharap ng ahensya sa Africa ilang taon na ang nakalilipas. Dahil sa malaking alinlangan sa posibleng epekto ng GMOs sa kalusugan at kalikasan, tinanggihan ng mga bansang Zambia, Mozambique at Zimbabwe ang inangkat na mais ng WFP na bahagi ng tulong-pagkain para sa mga biktima ng malawakang tagtuyo at kagutuman sa mga bansang ito. Ipinagdiinan ng gobyerno ng mga bansang ito na bagama't dumaranas ng malawakang kahirapan, karapatan ng bawa't bansa na pangalagaan ang kalusugan ng kanilang mga mamamayan gayundin ang kanilang kalikasan. Naipit ang WFP sa kontrobersya dahil napatunayan sa mga *testing* na pawang kontaminado ng GMOs ang mga mais na kanilang iniangkat mula sa US sa ilalim ng programang tulong-pagkain sa mga bansang ito, at wala man lang pagkilos ang WFP na humanap ng ibang maaaring pangggalingan ng mais na mas malapit sa Africa at hindi kontaminado ng GMOs. Sa gitna ng kontrobersya, ang Zimbabwe at Mozambique ay pumayag ding tanggapin ang mais na galing sa US na kontaminado ng GMOs, sa kondisyong gigilingin ang mga mais upang masigurong

hindi ito tutubo sa kanilang bansa bagama't ipapakain sa mga tao. Samantala, ang Zambia ay patuloy na nanindigan sa pagtutol sa pagtanggap sa mga kontaminadong mais sa paniniwalang mas matindi ang kakaharapin nilang panganib sa pangmatagalang epekto ng GMOs sa kalusugan at kalikasan.

Nananawagan ang FSW sa WFP na sa pag-angkat ng tulong-pagkain ay siguraduhing walang GMO na mapapatunayan sa mga simpleng paraan ng testing. Sa mga pagkakataong hindi sigurado kung may GMO o wala ang tulong-pagkain, inaaasahan ng FSW na maglalagay ng karampatang tatak (label) ang WFP na maaaring may kasamang GMOs ito *("this may contain GMOs")* na nakasaad din naman sa Cartagena Protocol on Biosafety na syang pangunahing pandaigdigang kasunduan ukol sa pag-aangkat at pagkalakal ng GMOs. Makakatulong ang mga ganitong tatak upang bigyang impormasyon ang publiko ukol sa katangian ng tulong-pagkain na syang kanilang magiging batayan sa pagdi-desisyon kung tatanggapin nila ito o hindi. Ang ganitong aksyon ay nakabase sa Prinsipyo ng Pag-iingat *(Precautionary Principle)*.

Instrumento ng *"dumping"*

Sa maraming bansa kung saan nagpapatupad ng programang tulong-pagkain ang WFP, isa sa mga pangunahing alinlangan ng mga tao at maging ng mga gobyerno ay pagiging instrumento ng mga programang ito sa pagtatapon *(dumping)* ng mga produktong sobra at hindi na maibenta ng mga bansang pangunahing pinanggalingan ng mga pagkaing ito. Halimbawa, sa usapin ng mais at soybeans bilang tulong-pagkain, karamihan sa mga mais at soybeans na inaangkat ng WFP ay galing sa US na syang pangunahing *producer* ng mga produktong ito sa buong mundo. Dahil sa sobra-sobrang produksyong suportado ng subsidy mula sa goberyno ng US, kinakailangan ipagbili sa ibang bansa ang karamihan sa mga mais at soybeans na ani sa US upang hindi mapababa ang presyo ng mga produktong ito sa US.

Dahil sa malawak na debate at kontrobersya tungkol sa posibleng epekto ng GMOs sa kalusugan at kalikasan, maraming mga bansa sa buong mundo, katulad ng buong Europa, Hapon at Korea, ang hindi bumibili at tumatanggap ng mga pagkaing mais at soybeans na kontaminado ng GMOs, malaking problema ng US ang pagliit ng

merkado sa mga produktong ito. Upang maipagbili ang mga produktong inaayawan ng mga bansang may polisiya laban sa GMOs sa pagkain, ipinagbibili ito ng US sa mga mahihirap na bansang walang polisiya at kakayahang tumanggi sa mga pagkaing kontaminado ng GMOs. Kalimitan ding ipinapadala ang mga sobrang produktong ito sa mga mahihirap na bansa bilang *"soft loans"* (utang na matagal na babayaran) o bilang tulong-pagkain sa pamamagitan ng diretsong donasyon sa mga gobyerno at sa mga internasyunal na ahensyang kapareho ng WFP. Ang tawag dito ay pagbabasura, o dumping, dahil nga sobrang produksyon ito ng hindi na kaya sa merkado ng US o kaya ay inayawan na ang mga produktong ito ng mga mayayamang bansa. Ginagawa rin ito ng iba pang mayayamang bansa, kapareho ng Canada, Australia at Europa.

Maaaring pagkakawatak-watak ng mga komunidad

Sa masusing pagbasa sa mga dokumento ng WFP ukol sa programa, hindi malinaw ang batayan ng pagtukoy ng 73 munisipalidad sa limang probinsya sa Central Mindanao na target ng programang tulong-pagkain. May ilang mga bayan na sadyang mataas ang insidente ng kahirapan na hindi kasama sa programa. May ilan ding bayan na mababa sa 50% ang insidente ng kahirapan, pero kasama sa target ng programa. Base pa lamang sa ganitong datos, maaari nang magbunga ito ng inggitan at kritikal na pagtatanong mula dun sa mga pamahalaang lokal, lalo pa at wala namang malawakang konsultasyong isinagawa ang WFP sa lokal na antas bago nila sinimulan ang programang ito.

Marami ring alinlangan tungkol sa maaaring epekto ng programang tulong-pagkain sa pagkakaisa ng mga komunidad. Hindi naman kasi lahat ng tao sa mga target na lugar ay makikinabang sa ipapamahaging tulong-pagkain. Hindi rin lahat ng mga mahihirap na kasama sa *statistics* ay kasama sa benepisyaryo. Kung ang insidente ng kahirapan sa isang munisipalidad ay umaabot ng 70%, hindi ito nangangahulugan na 70% ng mga tao dun ay target na benepisyaryo ng programang tulong-pagkain. Hindi malinaw kung saan ibinatay ng WFP ang kanilang komputasyon ng target na benepisyaryo.

Kaakibat pa dito ang isyu kung sino ang mga aktwal na magbe-benepisyo sa programang tulong-pagkain. Bagama't, ayon sa WFP,

ang mga pangunahing target nila ay yaong mga batang dalawang taon pababa ang edad, mga buntis, mga babaeng bagong panganak, mga maysakit na TB, mga pamilyang napaalis sa kanilang tahanan dahil sa kaguluhan (IDPs), at mga dating *"combatants"*, ang pagtukoy kung sino ang mga taong ito ay nakasalalay sa mga pamahalaang lokal at sa mga ahensya ng gobyerno sa lokal na lebel gaya ng DSWD at DOH. Katulad ng maraming karanasan sa pamamahagi ng tulong-pagkain, maging sa panahon ng *emergency*, hindi maiiwasan ang iringan at reklamo tungkol sa sistema ng pagtukoy ng aktwal na mga benepisyaryo ng programa. Idagdag pa dito ang kawalan ng *records* ukol sa health and nutrition profile sa lokal na lebel dahil sa limitadong kapasidad ng DSWD at DOH, gayundin sa kawalan ng kapasidad ng mga mamamayan na komunsulta sa doktor ng gobyerno bunga ng kahirapan, kawalan ng edukasyon, kalayuan sa sentro, at iba pa.

Potensyal na instrumento ng korupsyon

Bagama't naniniwala ang FSW sa integridad ng karamihan ng mga opisyal ng pamahalaang lokal gayundin ang mga ahensya ng gobyerno, hindi maitatanggi na talamak ang korupsyon at pagnanakaw sa maraming bahagi ng gobyerno. Ang mga ganitong programang tulong-pagkain na kinapapalooban ng libo-libong metriko tonelado ng *commodity goods* ay isang malaking oportunidad para sa mga tiwalang opisyal ng gobyerno. Maging ang WFP din naman ay hindi kumpletong malinis ang kredibilad sa usapin ng korupsyon. Ilang empleyado ng WFP sa Cambodia, halimbawa, ang napatunayang nagpasimuno ng pagnanakaw ng mga tulong-pagkain noon 2004 sa pamamagitan ng pagbebenta ng kung ilang daang tonelada ng bigas na inangkat mula sa Thailand sa mga lokal na negosyante sa halip na mapunta sa programang *food-for-work*.

Malaki ang alinlangan ng mga kasapi ng FSW kung mayroong sapat na sistemang itinayo ang WFP, sa pakikipag-ugnayan sa mga ahensya ng goberyno, upang mapigilan ang mga ganitong uri katiwalian na kinapapaloobang ng tulong-pagkain magmula sa pagdaong ng mga barkong may dalang mga pagkain mula sa ibang bansa sa iba't ibang pier sa Mindanao hanggang sa ito ay mailagak sa mga bodegang pag-iimbakan at maipamigay sa mga target na benepisyaryo.

Pagpapalaganap ng kaisipan na *"dole out"*

Isang nakakalungkot na katotohanan na ang mentalidad na ipinapapakalat ng anumang programang tulong-pagkain ay *"dole out"* (panandaliang pagbibigay) na maaaring magbunsod sa mga benepisyaryong umasa na lamang sa tulong na iba. Lalo pa sa mga sitwasyong wala namang emergency na nangangailangan ng ganitong uri ng tulong. Ito ang malinaw na dahilan kung bakit ang pangunahing tungkulin ng WFP ay mamahagi ng tulong-pagkain sa mga sitwasyong emergency kung saan ang mga apektadong tao ay matindi ang pangagailangan ng tulong upang mabuhay, kagaya sa panahon ng digmaan, malawakang kaguluhan, matinding kalamidad at malalang tagtuyot. Wala ang alinmang sitwasyong *emergency* na ito ang kasalukuyang nangyayari sa mga target ng programa ng WFP sa Mindanao.

Sa mga panahong walang sitwasyong emergency, hindi nakakatulong ang tulong-pagkain sa pagpapalaganap ng mentalidad ng pagsisikap, pagpapalakas ng kapasidad at pagtayo sa sariling paa na syang basehan ng pangmatagalang pag-unlad ng anumang komunidad. Sa kaso ng limang probinsyang target ng WFP, malayo-layo na rin ang narrating ng mga tao at mga pamahalaang lokal tungo sa kanilang pag-unlad na di umaasa sa tulong-pagkain o donasyon galing sa labas. Marami ring mga NGOs, people's organizations at mga programa ng simbahan ang kumikilos sa mga lugar na ito upang matulungan ang mga tao na maiangat ang kanilang pamumuhay na hindi nakabatay sa pamamahagi ng tulong-pagkain kundi sa mga pangmatagalang layunin kagaya ng pagpapalakas ng kapasidad, pag-oorganisa, pagpapatupad ng mga proyektong pangkabuhayan, pagpapalaganap ng sustainable agriculture (SA), at iba pa. Halos lahat din ng mga *internally displaced persons* (IDPs) na naging pinsala ng all-out-war ng gobyerno ng dating President Estrada ay nakabalik na sa kanilang mga tahanan at nakapagsimula nang ibangon muli ang kanilang mga buhay.

Sa pananaw ng FSW, ang tulong-pagkain ay magdudulot ng pag-atras ng kaunlaran sa mga target na lugar, lalo na sa kakayahan ng mga taong maingat ang kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng sariling pagsisikap. Ang mga aktibidad na bahagi ng plano ng WFP na kinabibilangan ng pamimigay ng tulong-pagkain kapalit ng trabaho sa

komunidad *(food-for-work)* gayundin ang pamimigay ng tulong-pagkain kapalit ng pagdalo sa mga pagsasanay *(food-for-training)* ay naipakita na sa maraming karanasan na hindi nakakaambag sa pangmatagalang kaunlaran ng pamayanan gayundin sa pagpapaangat ng dignidad ng mga mahihirap. Ang mga iskemang ito ay hindi nakabase sa kusang-loob, realisasyon at pagsisikap ng mga taong umunlad, kundi sa nakaumang na tulong-pagkain na makukuha kapalit ng trabaho o pagdalo sa pagsasanay. Ano ang aasahan ng mga benepisyaryo pagkatapos ng tatlong buwang pagtanggap ng tulong-pagkain? Ano ang plano ng WFP pagkatapos ng 12 buwang panahon ng programa patungo sa pangmatagalang pag-unlad?

Hindi makakatotohanang layunin ukol sa kontribusyon ng tulong-pagkain sa kapayapaan sa Mindanao sa loob ng isang taong programa

Ang pangunahing motibo ng WFP sa pagpapatupad ng programang tulong-pagkain ay makaambag sa pagkakamit ng kapayapaan sa Mindanao. Malinaw na pulitikal ang motibasyon ng programang ito, lalo pa kung susuriing mabuti ang mga target na lugar na pawang mga base ng pwersa ng MILF sa Central Mindanao.

Hindi malinaw sa sinumang magbabasa ng mga dokumento ng programa kung paano maaabot ng WFP ang layuning makaambag sa proseso ng kapayapaan sa loob ng 12 buwan maliban sa pagpapatahimik sa mga nag-aalsang mamamayan sa pamamagitan ng pamimigay ng tulong-pagkain. Ang malawakang kahirapan at kawalan ng hustisya na nagsisilbing ugat ng kaguluhan sa anumang lugar ay imposibleng maitama sa loob lamang ng isang taong pamamahagi ng tulong-pagkain. Maging ang malnutrisyon ng mga maliliit na bata, mga buntis at mga babaeng bagong panganak, ay hindi mapapaalis ng tatlong buwang pagpapakain sa mga paaralan at *health centers*. Maging ang mga maysakit na TB ay hindi mapapagaling ng pagpapakain sa loob lang isang buwan. Ang kalagayan sa nutrisyon at mga sakit na bunga ng kakulangan ng nutrisyon ay mangangailangan ng tuloy-tuloy na interbensyong pangkalusugan at balanseng nutrisyon sa araw-araw, hindi panandaliang remedyo lamang.

Bagama't kinikilala ng FSW ang malinis na hangarin ng WFP sa pagpapatupad ng programang tulong-pagkain sa Mindanao, naniniwala ang mga kasapi na ang kahirapan, malnutrisyon at sakit ng mga tao sa kanayunan ay matutugunan lamang sa pamamagitan ng pangmalawakan, komprehensibo at pangmatagalang program ukol sa kalusugan at nutrisyon. Ang anumang programang may kinalaman sa tulong-pagkain ay dapat nakakawing sa komprehensibong plano sa pagpapaangat ng antas ng kalusugan at nutrisyon ng mga mamamayan, upang maging mas makabuluhan ito sa pagkakamit ng pangmatagalang katahimikan na nakabase sa hustisya.

Hindi malinaw na plano ng gobyerno sa pangmatagalang kaunlaran ng Central Mindanao at ano ang papel ng programa ng WFP dito

Sa kasalukuyan, maliban sa layuning mapapirma ang MILF sa kasunduang pang-kapayapaan, walang malinaw at komprehensibong plano ang gobyerno upang masiguro ang pangmatagalang pag-unlad ng Mindanao, lalo na sa mga bahaging malawakan ang kahirapan. Malinaw na umaasa ang gobyerno na kapag nagkaroon ng kasunduang pang-kapayapaan sa MILF, magkakaroon na ng minimithing kapayapaan sa Mindanao na magbubukas sa pagpasok ng maraming negosyo na magbibigay ng trabaho sa mga mahihirap at makakapag-paangat ng kanilang pamumuhay. Bagama't may lohika ang ganitong paniwala, napatunayan na sa kasaysaysan ng Pilipinas na ang kapayapaan at pagdagsa ng negosyo ay hindi palaging nagbubunga ng maraming trabaho o nagdudulot ng pag-asenso ng buhay ng mga mahihirap. Maraming lugar sa Pilipinas ang walang kaguluhan, pero mataas ang antas ng kahirapan. Higit sa pag-asa sa magandang epekto ng negosyo sa lokal na ekonomiya, responsibilidad ng gobyerno na magpatupad ng konkreto at komprehensibong programa ng kaunlaran na naaayon sa kalagayan, kapasidad at layunin ng mga mamamayan.

Ano ang mga rekomendasyon ng Food Sovereign Watch ukol sa programang ito?

Bilang tugon sa mga alinlangang ipinaliwanag sa Praymer na ito, ang FSW ay naglatag din ilang konkretong rekomendasyon na maaaring

makatulong sa paghubog ng direksyon ng programang tulong-pagkain ng WFP sa ilang bahagi ng Mindanao. Umaasa ang mga kasapi ng FSW na pakikinggan ng WFP ang mga alinlangan at rekomendasyong ito bago tuluyang simulan ang malawakang pagpapatupad ng programa sa mga target na lugar.

Malawakang konsultasyon bago ang ganap na pormal na pagsisimula ng programa

Kung talagang seryoso ang WFP sa kanilang planong kumonsulta sa iba't ibang sektor sa mga lugar na target ng programang tulong-pagkain, dapat itong magsagawa ng malawakang konsultasyon sa lalong madaling panahon BAGO ang akwal na pagsisimula ng mga aktibidad ng programa. Ang planong konsultasyon ay hindi lang dapat maging dekorasyon ng WFP para ipakita na sumusunod sila sa demokratikong proseso, kundi dapat maging batayan ng direksyon ng mismong pagpapatupad ng programa. Dapat malinaw sa simula pa lang kung ano ang silbi ng mga konsultasyong binabalak ng WFP sa pagpapatupad ng programa para hindi ito magbunga ng maling ekspektasyon. Ang tunay na kahulugan ng konsultasyon sa demokrasya ay hindi lamang upang ipaalam sa mga tao ang mga desisyon at programang napagpasyahan na at ipapatupad na lang. Ang mga ganitong pekeng konsultasyon ang isa sa mga pangunahing dahilan ng pagbaba ng respeto ng mga tao sa proseso ng demokrasya at sa kanilang ginagampanang papel dito.

Kung sakaling lumabas sa mga konsultasyon na maaaring bilihin ang mga pagkaing kailangan ng programa mula sa mga lokal na pamilihan sa ibang bahagi ng Mindanao o ng Pilipinas bilang proteksyon sa lokal na ekonomiya, ititigil kaya ng WFP ang pag-angkat ng mga pagkaing ito mula sa ibang bansa kahit nabili na para sa programa? Kung sabihin ng mga target na benepisyaryo sa mga konsultasyong ito na hindi angkop ang *corn-soya blend* (CSB) at mga butong-pagkain *(pulses)* na galing sa ibang bansa sa kanilang kalagayan at kultura, bibili kaya ang WFP ng mas akmang pagkain mula sa mga lokal na pamilihan para sa programa?

Bukas na pagpapasya at pagpapatupad ng programa

Bagama't ang WFP ay isang internasyunal na ahensya, ang mga programa nito ay ipinapatupad kasama ang mga ahensya ng gobyerno na may tungkuling maging bukas *(transparent)* at managot *(accountable)* sa mga mamamayan. Dahil sa mga prinsipyong ito na gumagabay sa serbisyo publiko, kasama sa responsibilidad ng WFP na maglagay ng mga mekanismo para sa bukas na pagpapasya ukol sa programa at sa pagpapatupad nito. Ang malawakang konsultasyon na ipinaliwanag sa itaas ay kasama sa mga mekanismong ito, gayundin ang regular na pag-uulat at pakikipagtalakayan sa mga opisyal ng pamahaalang lokal at iba't ibang sektor sa mga target na lugar.

Malinaw na bahagi at responsibilidad ng iba't ibang sektor sa pagpapatupad ng programa

Sa ngayon, walang papel ang ibang sektor sa mga target na lugar sa pagpapatupad ng programang tulong-pagkain ng WFP. Tanging ang mga ahensya lamang ng gobyerno, mga pamahalaang lokal at malalaking NGOs lang ang kinokunsulta ng WFP ukol sa pagpapatupad ng programa, bagama't hindi rin naman malinaw kung ano ang bahagi ng mga institusyong ito sa pagpapasya at paghubog ng direksyon ng programa.

Naniniwala ang FSW na nasa mandato ng WFP na magtayo ng mga mekanismo ng konsultasyon at demokratikong pagpapasya na kung saan ang mga opinyon at rekomendasyon ng iba't ibang sektor sa mga target na lugar ay maririnig at mako-konsidera sa pagpapatupad ng iba't ibang aktibidad ng programa. Maaari ring ikawing ng WFP ang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor sa mga mekanismong kinabibilangan ng iba't ibang sektor na meron na na sa mga target na lugar, katulad ng mga local development councils (LDCs) at iba pa.

Pagkawing ng food aid program sa mga pangmatagalang programa at layunin sa pag-unlad ng komunidad

Sa opinyon ng mga kasapi ng FSW, ang anumang programang tulong-pagkain ay hindi dapat tutulan lalo pa kung may sitwasyong *emer-*

gency na nangangailangan ng agad na tulong sa mga apektadong populasyon. Nagkakaroon lamang ng seryosong alinlangan kung ang tulong-pagkain ay ipapamahagi sa panahong wala namang sitwasyong *emergency*, at maaari pang makapagdulot ng mga hindi magandang epektong pangmatagalan katulad ng mga naipaliwanag na sa Praymer na ito. Sa kasalukuyang sitwasyon sa Mindanao, lalo pang napapatingkad ang mga alinlangang ito kung nakatali sa isyung pulitikal, katulad ng usaping pangkapayapaan, sa halip na maliit at panandaliang bahagi lamang ng isang malinaw at komprehensibong programang pangkaunlaran. Maging sa usaping pangkalusugan at nutrisyon na syang tutugunan ng tulong-pagkain ng WFP, ay walang malinaw at pangmalawakang programa ang gobyerno.

Katulad ng nakasaad sa sariling regulasyon ng mismong WFP, naniniwala ang FSW na ang anumang tulong-pagkain, lalo na sa mga panahong walang sitwasyong *emergency* katulad ng Mindanao sa kasalukuyan, dapat na malinaw ang batayang programa ng gobyerno para sa pangmatagalang pag-unlad. Sa isang sitwasyong walang ganitong malinaw at komprehensibong programang pangkaunlaran, maaaring makasama pa ang tulong-pagkain sa halip na makabuti sa mga target na lugar lalo na sa pananaw ng pangmatagalang pag-unlad. Kinakailangang ilatag muna ng gobyerno ang komprehensibong programa para sa pangmatagalang pag-unlad ng Mindanao bago payagan ang anumang interbensyong nakabase sa tulong-pagkain.

Programa para maabot ang katahimikan, hindi pagpapatahimik sa pamamagitan ng tulong-pagkain

Itinutulak ng FSW ang rekomendasyon sa WFP na repasuhin at masusing pag-aralang muli ang programang tulong-pagkain upang ito ay makabuluhang makapag-ambag sa pangmatagalang katahimikan sa Mindanao, sa halip na magamit lamang na paraan sa pagpapatahimik *(pacification)* sa mga pwersang nag-aalsa. Ang anumang programa sa kalusugan at nutrisyon ay dapat komprehensibo at nakaugat sa pagtugon sa problema ng kahirapan, kawalan ng trabaho at kawalan ng lupa upang maging tunay na makakatulong sa pagkakamit ng pangmatagalang kapayapaan.

Masusi, malinaw at bukas na pag-aaral upang masiguradong hindi maaapektuhan ng programa ng presyo ng palay at pangmatagalang seguridad ng pagkain

Para masigurong walang negatibong epekto sa lokal na merkado ng palay ang tulong-pagkain, lalo na sa darating na panahon ng anihan, kinakailangan ang masugid na pakipag-ugnayan sa National Food Authority (NFA), na syang ahensya ng gobyerno na namamahala sa pagbili ng palay mula sa mga local na magsasaka, gayundin ng distribusyon ng bigas mula sa ibang lugar ng Pilipinas at galing sa ibang bansa. Bagama't sinasabi ng mga opisyal ng WFP na nakausap ng FSW na masusing pinag-aralan ng kanilang mga ekonomista ang posibleng epekto ng pag-angkat ng bigas bahagi ng tulong-pagkain, hindi maaaring asahan ng mga tao ang ganitong pag-aaral bunga ng karanasan sa pagsadsad ng presyo ng bigas sa panahong nag-aangkat ng bigas ang NFA mula sa ibang bansa. Maliban sa mga pag-aaral, kailangan ang masusing pagbabantay at pagmo-monitor ng mg ahensya ng gobyerno sa mga lokal na pamilihan upang mapigilan ang pagbaha ng imported na bigas, gayundin ang *smuggling* at *hoarding* ng mga lokal na negosyante.

Tulong sa pagtatanim ng pagkain, hindi tulong-pagkain

Matibay ang adbokasiya ng FSW na higit na makakatutulong sa pagpapaangat ng antas ng kalusugan, kabuhayan at kalagayan ng mga mahihirap kung ang interbensyon ay nakapokus sa kaseguruhan sa pagkain. Kasama dito ang pagpapalaganap ng mga kaalaman at teknolohiya sa sustainable agriculture (SA) na nakabase sa aktwal na kalagayan at kapasidad ng mga tao.

Sa pananaw ng FSW, mas magiging makabuluhan ang papel na gagampanan ng WFP kung sa halip na tulong-pagkain sa loob ng ilang buwan ay pangmatagalang programa na lamang sa akmang pagtatanim ng pagkain, pagpapataas ng kaalaman ukol sa nutrisyon, at pagpapalakas ng kapasidad na magpatupad ng programang pangkalusugan ang pagtuunan ng kanilang pondo. Dahil wala namang sitwasyon ng *emergency* sa kasalukuyan, mas matagalang programa na makakatulong sa mga tao na tumayo sa sarili nilang mga paa ang kinakailangan sa mga target na lugar. Bilang isang ahensya na nakadikit sa FAO, ang WFP

ay may mandatong magpatupad ng mga programang may kinalaman sa kaseguruhan sa pagkain at agrikultura.

Kasiguruhan mula sa WFP na walang GMO ang mga ipapasok na pagkain

Bilang pagkilala sa soberenya ng Pilipinas at pagrespeto sa mga batas, responsibilidad ng WFP na siguruhing hindi kontaminado ng GMOs ang anumang tulong-pagkain na kanilang iaangkat para sa programang ito. Ayon sa regulasyon ng Pilipinas ukol sa GMOs, ang anumang pagkain, pakain ng hayop at produkto para i-proseso (*food, feed and processing* o FFP) na iaaangkat ng kahit na sino ay dapat dumaan sa prosesong inilatag ng Department of Agriculture (DA) sa Administrative Order No. 8 (2002). Base sa regulasyong ito, kailangang humingi ng permiso sa Bureau of Plant Industry (BPI) ang sinumang magpapasok ng mga FFP na may lamang GMOs.

Sa kaso ng WFP, dapat siguraduhing walang GMOs ang mga tulong-pagkaing kanilang iaaangkat. Kapag nakita sa testing na kontaminado ng GMOs ang anumang pagkaing inangkat sa ibang bansa, dapat suriin kung ang partikular na GMOs na ito ay kasama ba sa mga naunang pinayagan ng BPI para iangkat at ibenta sa Pilipinas bilang FFP. Kung hindi, maaaring pigilan ang pag-aangkat ng produktong ito sa Pilipinas.

Pagbili ng mga angkop na pagkaing ipapamahagi mula sa mga lokal na produksyon, bago mag-angkat sa ibang bansa

Naniniwala ang FSW na higit na makakabuti kung ang WFP ay bumili sa mga lokal na prodyuser ng mga ipapamahagi nilang tulong-pagkain sa halip na mag-angkat sa ibang bansa, para na rin makatulong sa kita ng mga maliliit na negosyante at pagpapalakas ng lokal na ekonomiya. Ang pagbili ng pagkain para sa programa mula sa lokal na pamilihan ay makakasigurado din na ang mga tulong-pagkaing ipapamahagi ay angkop sa kultura at sitwasyon ng mga target na benepisyaryo. Sa halip na mga pagkaing buto *(pulses)* na galing sa ibang bansa na hindi naman pamilyar ang mga tao sa Mindanao, maaaring munggo na lang galing sa ibang bahagi ng Pilipinas ang ipamigay. Sa halip na *corn soya*

blend o CSB ang bilhin mula sa mga kumpanya na nakabase sa Belgium, mas madaling ipamahagi sa mga tao ang mga pagkaing pamilyar sila at bahagi ng regular at balanseng pagkain, kagaya ng mga gulay na mayaman sa protina. Sa halip na mantikang pangluto na galing sa ibang bansa, pwede namang sa mga pabrika na lang ng mantika sa Mindanao bumili ng mantikang galing sa niyog o oil palm na sadyang mayaman din naman sa bitamina.

Sa pagbili ng lokal at angkop na mga pagkaing ipapamahagi sa mga target na benepisyaryo, bukod sa malaking tulong sa lokal na ekonomiya na makakapagbigay ng trabaho sa mga mahihirap sa Mindanao, maiaakma pa sa totoong kalagayan ng mga tao ang programang ito kahit panandalian lamang. Higit na importante dito ay ang pagsigurong ang programang tulong-pagkain ay nakalapat sa mas malaki at pangmatagalang plano para sa pag-unlad ng kabuhayan at kalagayan ng mga tao sa Mindanao.

-###-